

Kawanihan sa Impormasyon

PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBYAN NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Walang-alam ang AFP tungkol sa aking kalusugan

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Pambansang Tagapagsalita Partido Komunista ng Pilipinas 12 Setyembre 2000

Dapat itigil na ng AFP, laluna itong sina Hen. Angelo Reyes, Kol. Jose Canatoy pati na si Orly Mercado, ang kangangawa at kabubuga ng mga kasinungalingan tungkol sa aking kalusugan. Ni hindi alam nila alam kung nasaan ako, narito sila't ipinagpipilitang inatake ako sa puso o nagka-stroke kaya.

Mahinang klase ang mga upisyal na ito ng AFP dahil ni hindi sila marunong magbasa ng mga inilabas ko nang pahayag kaugnay nito. Dahil paulit-ulit sa kaiimbento ng kwento tungkol sa aking kalusugan, nais kong ulitin ang sinabi ko na noong Hunyo sa isang interbyu sa akin ng pahayagang **Ang Bayan**, na sa kabila ng dinanas na kakaibang karamdaman ni Ka Roger noong nakaraang taon, muli siyang nasa mahusay na pangangatawan at gumagampan ng mga rebolusyonaryong tungkulin dito sa loob ng sonang gerilya.

Ang gawa-gawang kwento tungkol sa *power struggle* sa loob ng Partido para sa kasalukuyan kong katungkulan ay isang desperadong pagtatangka na maghasik ng intriga sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Gusto nilang dungisan ang Partido sa pamamagitan ng pagsabing katulad lang ito ng AFP.

Hindi maintindihan ng purol nilang mga isip na ang bulok na ugali ng inggitan, brasuhan at pag-uunahan para sa pusisyon na palaging nangyayari sa loob ng militar at ng reaksyunaryong burukrasya ay hindi nangyayari sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Ang layunin ng mga komunista at mga mandirigma ay hindi ang personal na pagpapakasasa kundi ang makapaglingkod sa masa.

Ang alok naman na ako raw ay ipagagamot at pagkaraa'y papayagan ding bumalik sa sonang gerilya ay isang malaking kabulastugan. Nais ng AFP na ilarawan ang sarili nila na makatao samantalang patuloy ipinatutupad nila ang sistematikong patakaran ng pagtortyur at pagpatay sa mandirigma ng BHB na kanilang nadadakip.

Ang tahasang pagbabaluktot ng AFP sa katotohanan ay isang indikasyon ng desperasyon nito sa harap ng patuloy nitong mga kabiguang gapiin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan. Ito lamang nakaraang Hulyo hanggang Agosto, ang mga nakumpiska ng BHB na sandata mula sa mga tropang militar ay sapat upang armasan ang isang kumpanya ng mga Pulang mandirigma. Patuloy na bumababa ang moral ng mga tropang militar, hindi lamang dahil sa mga kabiguan ng AFP, kundi mas mahalaga, dahil lalong lumilinaw sa kanila na ang ipinagtatanggol nilang gubyerno ay naglilingkod sa interes ng mga dayuhan at ng mga sugapang naghaharing-uri.

Lregorio" Ka Rager " Posal